TALAAN NG MGA INSIDENTE AT PAG-UUGALI NG PANG-II-STALK

13.5 milyon Ang mga TAO ay NAII-STALK kada taon

ANO ANG STALKING?

Habang ang mga legal na kahulugan ng stalking ay nag-iiba sa bawat hurisdiksyon, ang isang mahusay na gumaganang kahulugan ng stalking ay:

Isang pattern ng pag-uugali na nakadirekta sa isang partikular na tao na magiging sanhi para ang isang makatwirang tao ay matakot para sa kanilang kaligtasan o sa kaligtasan ng iba, o magdusa ng matinding emosyonal na pagkabalisa.

Kung ikaw ay biktima ng pang-ii-stalk, maaaring maging kritikal na patuloy na gumawa ng talaan ng mga insidente at gawi na may kaugnayan sa stalking. Makakatulong ito lalo na kung pipiliin mong humingi ng tulong sa mga sistema ng hustisyang kriminal o sibil. Ang pagtala ng impormasyong ito ay makakatulong upang idokumento ang pag-uugali para sa mga aplikasyon para sa mga protection order, mga kaso ng diborsiyo at kustodiya sa anak, o pag-uusig ng kriminal. Makakatulong din ito sa iyo na matandaan ang mga indibidwal na insidente sa iba pang pagkakataon, na maaaring kailanganin mo para sa mga layunin ng pag-uulat.

Ang stalking log ay dapat gamitin para i-record at idokumento ang lahat ng pag-uugaling may kaugnayan sa stalking. Kapag nag-uulat ng insidente, isulat ang pangalan ng tao at ahensya kung kanino ka nag-report, kasama ang anumang badge o numero ng pagkakakilanlan na maaaring mayroon sila. Kung nag-report ka sa isang tao, maaari mong hilingin sa kanila na bigyan ka ng kopya nito para sa iyong mga record.

Mahalagang paalala: Dahil ang impormasyong ito ay posibleng maipakilala bilang ebidensya o hindi sinasadyang maibahagi sa stalker sa hinaharap, **huwag isama ang anumang impormasyon sa log na hindi mo gustong makita ng stalker**.

Kasama sa mga halimbawa ng mga insidente at pag-uugali na dapat itala ang: panliligalig o paulit-ulit na mga tawag sa telepono, mga text, at mga mensahe; pagsunod o paghihintay sa iyo; pagpapadala sa iyo ng mga liham o regalo; pagsusubaybay sa iyo; paninira ng iyong ari-arian; pagkakalat ng mga tsismis tungkol sa iyo; pag-post ng pribadong impormasyon o mga larawan mo; pagpapanggap na ikaw; pag-hack sa iyong mga account; pagbabanta sa iyo o sa mga malapit sa iyo; at mga banta na ipinaparating sa pamamagitan ng ibang tao.

Maglakip ng litrato ng stalker, mga kopya ng restraining order, ulat ng pulisya, at iba pang nauugnay na dokumento sa talaan. Itago ito sa isang ligtas na lugar at sabihin lamang sa isang taong pinagkakatiwalaan mo kung saan mo inilalagay ang iyong talaan. Gusto ng ilang tao na magtabi ng digital na kopya ng talaan sa kanilang computer o telepono. Mahalagang isipin kung maaaring may access ang stalker sa iyong telepono o computer.

Ang pagdodokumento ng pag-uugali sa pag-stalk ay maaaring isang mahirap at nakakapagod na gawain. Ang isang lokal na tagapagtaguyod sa iyong komunidad ay maaaring magbigay ng suporta, impormasyon tungkol sa mga opsyon na magagamit mo, at tulong sa pagpaplano ng kaligtasan.

SPARC
STALKING PREVENTION, AWARENESS, AND RESOURCE CENTER

Ang proyektong ito ay suportado ng Grant No. 15JOVW-22-GK-03986-MUMU na iginawad ng Tanggapan para sa Karahasan Laban sa Kababaihan, Kagawaran ng Hustisya ng U.S. (Office on Violence Against Women, U.S. Department of Justice). Ang mga opinyon, natuklasan, konklusyon, at rekomendasyong ipinahayag sa paglalathala//programa/eksibisyon na ito ay sa (mga) may-akda at hindi nangangahulugang sumasalamin sa mga pananaw ng Kagawaran ng Hustisya, Tanggapan para sa Karahasan Laban sa Kababaihan (Department of Justice, Office on Violence Against Women).

1000 Vermont Avenue NW, Suite 1010 | Washington, DC 20005 | (202) 558-0040

TALAAN NG MGA INSIDENTE AT PAG-UUGALI NG PANG-II-STALK

Petsa	Oras	Paglalarawan ng Insidente	Lokasyon ng Insidente (pisikal na lokasyon, teknolohiyang ginamit, platform na ginamit online)	(Mga) Pangalan ng Saksi (ilakip ang address at numero ng telepono)	Nakalakip ang Ebidensya? (mga larawan, video, screenshot, gamit, atbp.)	Nag-ulat Sa/Kay (pangalan, opisina/org, badge o # ng pagkakakilanlan)